BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Lungsod ng Brampton naghahanda para sa panahon ng taglamig sa pinaigting na mga pamamaraan

BRAMPTON, ON (Nobyembre 10, 2023) – Habang papalapit ang panahon ng taglamig, inihahanda ng Lungsod ng Brampton ang fleet ng mga behikulo at kasangkapan nito, at ipinakilala ang bagong pinaigting na mga pamamaraan upang mapanatiling ligtas ang komunidad sa buong panahong ito.

**Pagpapalaki sa tulong pinansyal sa pagtanggal ng snow**

Pinapalawak ng Lungsod ng Brampton ang Programa sa Tulong Pinansyal nito upang makatulong sa mga senior at mga taong may kapansanan sa gastos sa pag-hire ng tao para tanggalin ang snow mula sa mga sidewalk at driveway. Simula sa taon na ito, ang mga taong nangungupahan ng mga bahay ay maaaring mag-aplay para sa programa. Ang mga kwalipikadong aplikante ay makakatanggap ng grant na hanggang $300 para sa mga lot property na wala sa kanto o hanggang $400 para sa mga lot property na nasa kanto.

Ang mga karapat-dapat na kandidato/kandidata ay mas matututo pa at pwedeng mag-aplay rito: Lungsod ng Brampton | Mga Daan at Trapiko | Tulong Pinansyal sa Pagtanggal ng Snow.

**Pananatiling ligtas sa kalye at naa-access na mga weather event**

Hindi pinapayagan ang pagparada sa mga kalye at ipapatupad sa mga event sa panahon ng taglamig. Ang mga behikulo ay kailangang ilipat upang masiguro na ang mga plow, salter, at pang-emergency na mga sasakyan ay ligtas na makakadaan.

Mga Pagbabago sa mga Multa sa Pagparada

Ang mga nakaparadang sasakyan sa mga daan ay humahadlang sa kakayahan ng Lungsod na mahusay na mag-plow at tanggalin ang snow sa panahon ng mga event ng bagyo sa taglamig. Binago ng Lungsod ng Brampton ang Administrative Monetary Penalty System (AMPS) By-Law 333-2013, upang dagdagan ang nakatakdang multa para sa mga sasakyang nakakahadlang sa pagtanggal ng snow at/o maintenance sa taglamig:

- Unang Paglabag: $125
- Ikalawang Paglabag: $250
- Kasunod na mga Paglabag: $500

Pagpapahusay sa Pag-tow

Sa kasalukuyan, iniimbestigahan ng By-Law Enforcement Officers ang mga sasakyan na nakakahadlang sa pagtanggal ng snow, mag-iisyu ng mga abiso ng multa, at, kapag kailangan, isaayos ang pagpapa-tow sa iligal na nakaparadang mga sasakyan. Bago para sa 2023-24 winter season, idi-deploy ng Lungsod ang staff upang inspeksyunin ang mga daan nang pauna sa plowing operation, at, kapag kailangan, isaayos ang pag-tow para sa iligal na nakaparadang mga sasakyan upang dagdagan ang mga aktibidad ng pagpapatupad ng pag-tow.

**Snow Plow Tracker ng Brampton**

Makikita ng mga residente kung anong mga daan at sidewalk ang nilinis ng mga crew gamit ang Plow Tracker ng Lungsod sa www.brampton.ca/snow at sa 311 mobile app. Gamit ang tool na ito, pwedeng tingnan ng mga residente ang usad ng pagmimintina sa snow, mga prayoridad ng daan, at kung malapit sa kanila ang isang plow, na mailipat nila ang kanilang mga sasakyan palayo sa daan. Maaari ring isumite ang mga service request.

**Maiikling balita**

Bawat taon, ang Lungsod ay nagbibigay ng serbisyo sa pagtanggal ng snow sa taglamig at pagmimintina sa taglamig sa higit sa:

- 4,120 kilometro ng lane sa mga daan,
- 1,015 kilometro ng sidewalk na harap ng mga property na pag-aari ng lungsod,
- 2,556 mga hintuan ng transportasyon,
- 217 kilometro ng mga recreation trail,
- 191 lokasyon ng mga tawiran sa paaralan, at
- 86 na paradahan na pasilidad ng lungsod.

Sa panahon ng event sa panahon ng taglamig, nagsisimula ang mga crew sa pag-plow sa mga kalye may limang sentimetro ng naipong snow. Inuuna ng Lungsod ang paglilinis sa malalaking roadway na nakakaharap sa pinakamaraming bilang ng trapiko sa sasakyan upang i-maximize ang kaligtasan sa daan, pagkatapos ay nililinis ang iba pang mga lokal na daan.

Sa sitwasyon ng emergency, hinihikayat ang mga residente na maging handa sa pangangalaga sa kanilang sarili o sa kanilang mga pamilya sa hindi bababa sa 72 oras gamit ang isang safety kit.

Kasama ang isang dedicated team na masipag na nagtatrabaho at ang bagong mga pamamaraan, ang Brampton ay handang tiyakin na ang mga kalye, sidewalk, mga hintuan ng transit, panlibangang mga trail, at mga tawiran sa paaralan ay mananatiling naa-access at ligtas kapag may snow at yelo.

**Mga Link**

- Lungsod ng Brampton | Mga Daan at Trapiko | Mga Operation ng Pagtanggal ng Snow

**Mga Quote**

“Ang Lungsod ng Brampton ay nagtatrabaho sa lahat ng oras upang matiyak na handa tayong panatilihin na ligtas at naa-access ang mga daan na pag-aari ng Lungsod, mga pathway, tawiran, paradahan at panlibangang trail nitong panahon ng taglamig. Meron kaming pinag-iisipan at ekstensibong plano ng pagtugon na nakahanda upang matiyak na makapagpatuloy nang ligtas na pagsulong ang ating Lungsod sa panahong ito, kabilang ang mga pang-emergency at transit na mga sasakyan. Alam natin na ang kahandaan sa taglamig ay isang pinagsamang pagsisikap at sa inyong pakikipagtulungan, magagawa nating mas ligtas ang panahong ito para sa lahat.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga pagsisikap sa pagtanggal sa snow ng aming team ay isa sa pinakamalalaking operation ng Lungsod ng Brampton. Bawat taon, muli kaming nag-commit sa pagtiyak ng isang ligtas na panahon ng taglamig para sa lahat ng residente, kaya pinasisimulan namin ang pinaigting na mga pamamaraan sa taon na ito tulad ng dinagdagang access sa tulong sa pagtanggal ng snow at mas malakas na mga pagsisikap

upang panatilihing walang mga nakaparadang sasakyan sa mga kalye habang nagpapatuloy ang pagtanggal sa snow. Habang nililinis namin ang daan para sa inyo, kinailangan namin na gawin ng bawat mamamayan ang kanilang parte sa pagpala sa mga sidewalk, paglipat sa mga nakaparadang saskayan palayo sa kalye, pagtingin-tingin sa mga kapitbahay, at maingat na pagmamaneho. Sa pamamagitan ng ating pinagsamang mga pagsisikap, matitiyak natin ang mas ligtas na season para sa lahat”

- *Paul Vicente Rehiyonal na Konsehal. Wards 1 at 5; Chair, Public Works Committee, Lungsod ng Brampton*

“Ang aming dedicated na mga kawani ay walang pagod na nagtatrabaho upang imintina ang ekstensibong imprastraktura ng Lungsod at kabilang diyan ang pagtugon sa mga kondisyon ng masamang panahon upang matiyak ang kaligtasan, enjoyment at pagka-naa-access ng ating komunidad. Sa panahon ng taglamig na ito, ang Team Brampton ay handa at committed sa pagpapanatiling tumatakbo na maayos ang ating lungsod at protektado nang mabuti ang ating mga residente laban sa mga hamon na maaaring hatid ng taglamig."

- *Marlon Kallideen, Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca